



San Josemaría Escrivá Tagapagtatag ng Opus Dei

PANALANGIN

O Diyos, sa pamamagitan ng Mahal na Birhen Maria, ipinagkaloob mo sa iyong pari, si San Josemaría Escrivá, ang napakaraming biyaya, at hinirang mo siya bilang isang napakatapat na kasangkapan upang itatag ang Opus Dei, isang landas patungo sa kabanalang nababatay sa pagganap ng gawaing propesyonal at pagtupad ng mga karaniwang tungkulin ng isang kristiyano. Ipagkaloob mo sana na ang lahat ng mga sandali at pangyayari sa aking buhay ay maiukol ko rin sa pagmamahal sa iyo at sa malugod at walang-parangyang paglilingkod sa Santa Iglesia, sa Santo Papa, at sa lahat ng mga kaluluwa, upang ang lahat ng daan sa lupa ay mailawan ko ng liwanag ng pananampalataya at pag-ibig. Sa pamamagitan ni San Josemaría, ipagkaloob mo sa akin itong biyayang hinihiling ko sa iyo...(banggitin ang kahilingan). Amen.

Ama namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati.

"Saanman naroroon ang inyong mga hangarin, ang inyong gawain, ang iyong pagmamahal, doon ninyo matatagpuan si Kristo sa araw-araw. Sa gitna ng mga pinakamateryal na bagay sa mundo, doon tayo dapat magpakabanal, maglingkod sa Diyos at sa lahat ng tao. Waring sa abót-tanaw nagtatagpo ang langit at lupa, mga anak. Sa katunayan, doon sila nagkakaisa sa inyong mga puso, kapag pinababalan ninyo ang inyong pang-araw-araw na buhay..."
(San Josemaría Escrivá, homiliya "Ibigin ang Mundo nang may Marubdob na Pagmamahal," ika-8 ng Oktubre, 1967).

Isinilang si San Josemaría Escrivá noong ika-9 ng Enero 1902 sa Barbastro, Espanya. Tinanggap niya ang banal na sakramento ng pagpapari noong ika-28 ng Marso 1925 sa Saragossa. Noong ika-2 ng Oktubre 1928, sa inspirasyon ng Maykapal, itinatag niya ang Opus Dei. Noong ika-26 ng Hunyo 1975, biglaan siyang namatay sa Roma sa kanyang silid-tanggapan, matapos ang isang huling mapagmahal na sulyap sa isang imahen ng Mahal na Birhen. Laganap na noon ang Opus Dei sa limang kontinente, at mayroon na itong higit sa 60,000 na mga kasapi sa 80 mga bansa. At tulad ng kinaugalian ni San Josemaría, buong pitagang nakikiisa sa Santo Papa at sa mga Obispo ang mga kasapi ng Opus Dei sa kanilang paglilingkod sa Banal na Simbahan. Noong ika-6 ng Oktubre, 2002, sa Roma, ibinilang ni Juan Pablo II ang Tagapagtatag ng Opus Dei sa hanay ng mga Santo. Ipinagdiriwang ng Simbahan ang kapistahan ni San Josemaría bilang santo bawat ika-26 ng Hunyo. Ang kanyang mga labi ay nakahimlay sa Simbahang Prelatiko ng Santa Maria de la Paz, Viale Bruno Buozzi 75, sa Roma.

Para sa mga karagdagang kaalaman tungkol kay
San Josemaría Escrivá: www.opusdei.ph • www.josemariaescriva.info

Hinihiling sa sino mang makatanggap ng biyaya sa Diyos sa pamamagitan ng tulong ni San Josemaría Escrivá na ipaalam ito sa Prelature of Opus Dei, Office for the Causes of Saints, 20 Sampaguita St. cor. Baleta Drive, 1112 New Manila, Quezon City.
Email: ocs@opusdei.ph

May pahintulot ng simbahan.